Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 28 NG HUNYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Força ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Heidi S. Ciriaco ............ Pang. Punong Bayan
on leave

## KAPASIYAHAN BLG. 235-T'2000

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLILIWAT AT PAGLALAAN NG HALAGANG TATLUMPU'T PITONG LIBO TATLONG DAAN DALAWAMPU'T LIMANG PISO (P37,325.00) MULA SA GUGULING NAKALAAN PARA SA BAKANTENG POSISYONG ASSISTANT REGISTRATION OFFICER MULA SA BUWAN NG ENERO HANGGANG MAYO, 2000 UPANG MAGSILBING KABAYARAN SA OVERTIME PAY NG MGA KAWANI NG TANGGAPAN NG PAMBAYANG TAGATALANG SIBIL.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapaglaan ng halagang P37,325.00 upang magsilbing kabayaran sa overtime pay ng mga kawani ng Tanggapan ng Pambayang Tagatalang Sibil;

**SAPAGKA'T,** ang pagkukunan ng pondo ay magmumula sa guguling nakalaan para sa bakanteng posisyong Assistant Registration Officer ng naturang tanggapan mula sa buwan ng Enero hanggang Mayo, 2000;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang mga sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 18-T'2000

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** - Iliwat at ilaan ang halagang P37,325.00 mula laang gugulin para sa mga bakanteng posisyong Assistant Registration Officer mula sa buwan ng Enero hanggang Mayo, 2000, upang magsilbing kabayaran sa Overtime Pay ng mga kawani ng nabanggit na tanggapan, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSYON 2** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 235-T'2000)



**PINAGPASIYAHAN PA:** Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Tanggapan ng Pambayang Tagatalang Sibil, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

EDGARDO T. PORCA
Kagawad

BERNARDO E. ISON
Kagawad

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

ANGELITO U. IIMJUCO
Kagawad

JEFFREY A. VILLASENOR
Kagawad

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan